# SANGGUNIANG GABAY NG PARENT CONNECT

Mahal Naming mga Pamilya,

Sa mundo ng on-line banking, pamimili at pag-access ng lahat ng uri ng impormasyon, walang pagkakaiba ang mga paaralan. Ang Amber Trails Community School, kasama ng marami pang ibang mga paaralan sa Seven Oaks School Division ay isinusulong ang sistema ng pag-iwas sa paggamit ng papel na tinatawag na ***Parent Connect*** kung saan makikita sa on-line ang lahat ng karaniwang impormasyon na ibinibigay mula sa paaralan.

Ang ***Parent Connect*** ay magpapahintulot sa mga pamilya na:

- Suriin ang pagpasok (nang real time hanggang sa kasalukuyang araw)
- Tingnan ang mga marka at komento sa report card
- Magtakda ng mga oras para sa Komperensya ng Magulang/Guro
- Tingnan at i-edit ang demograpiko (tirahan, impormasyon ng tagapag-alaga at impormasyon ng kontak para sa emerhensiya)
- Tingnan ang kalendaryo ng paaralan
- Tingnan ang kasalukuyang ruta ng bus ng inyong anak
- Magpadala ng mga mensahe sa mga guro

Higit na mas mahalaga kailanman, na mayroong gumaganang e-mail ang mga pamilya na ibibigay sa paaralan na regular nilang titingnan. Karamihan ng mga memo at pakikipag-ugnayan mula sa Amber Trails ay magmumula sa anyo ng isang e-mail sa mga pamilya sa halip na mga papel na memo.

Nauunawaan namin na walang access sa computer ang ilan sa mga pamilya. Nais naming maghandog ng libreng paggamit ng mga computer sa Learning Commons ng aming paaralan para sa sinumang magulang na kailangan ng access sa computer. Mangyaring huwag mag-atubiling pumunta sa opisina at ipaalam sa kanila na gagamit ka ng computer.

Hinihiling namin na gumawa kayo ng isang espesyal na paghiling sa guro ng inyong anak para sa mga papel na kopya ng mga report card at newsletter.

Umaasa kaming makakatulong sa inyo itong Mapagkukunang Gabay ng Parent Connect. Mangyaring itago sa bahay ang gabay na ito para sumangguni dito sa hinaharap.

Mangyaring magtuon ng espesyal na pansin sa Report Card na bahagi at sa pagbu-book ng mga oras ng komperensya!

## Pahintulot at Mga Password sa *Parent Connect*


Ang pinakamadaling paraan para mag-log in sa ***Parent Connect*** ay sa pamamagitan ng paggamit ng inyong e-mail address. Ilagay ang inyong e-mail address (ang isang ibinigay sa paaralan), i-click sa "Select a Student" (Pumili ng Estudyante) at ilagay ang inyong password. Kung ito ang unang pagkakataon na magla-log in kayo, i-click ang "Forgot My Password" (Nakalimutan ang Aking Password) at may lalabas na pop-up na kahon. Hihilingin sa inyong ilagay muli ang inyong e-mail address at padadalhan kayo ng sistema ng isang pansamantalang password. Maaari rin kayong mag-log in gamit ang numero ng MET, na makikita sa kopya ng report card ng inyong anak o kaya maaari ninyong tawagan ang paaralan para makakuha nito. Kapag nakapag-sign na kayo nang matagumpay, hinihikayat ang mga magulang na baguhin ang kanilang password para matiyak ang pagiging pribado.

Ang mga link para sa ***Parent Connect*** ay makikita sa website ng paaralan sa pamamagitan ng pag-click sa "Parents" (Mga Magulang) o sa pamamagitan ng pag-type ng sumusunod sa address bar:


https://schoolconnect.7oaks.org/schoolconnect/parentsignone.aspx (para mag-sign in gamit ang inyong e-mail address) o
https://schoolconnect.7oaks.org/schoolconnect/parentsignon.aspx (para mag-sign in gamit ang numero ng MET)


I-save ang mga link sa inyong mga paborito!

Pag-sign In Gamit ang E-mail




Para magawa ang unang pagbabago sa password, i-click sa **PassWord** na tab at sundin ang mga tagubilin para baguhin ang inyong password. Ipapadala ang bago ninyong password sa e-mail address na mayroon kami sa file.






Ang ilan sa mga tampok ng ***Parent Connect*** ay may kasamang:

**Attendance (Pagpasok)**

Ang kasalukuyang attendance ay maaaring makita sa pamamagitan ng pag-click sa **Attendance (Pumasok)** na tab. Dalawang beses araw-araw na inilalagay ang Attendance, ngunit maaaring hindi ito ganap na na-update hangga't hindi natatapos ang araw ng eskuwela.

**Basic [Pangunahin] (Demograpiko ng Estudyante – Maaaring Ma-edit)**

Ang demograpiko ng estudyante (address, tagapag-alaga at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa emerhensiya) ay maaaring makita mula sa **Basic (Pangunahin)** na tab. Ang mga numero ng telepono at mga e-mail address ng magulang o tagapag-alaga, mga numero ng telepono at pangalan ng taong kokontakin kapag may emerhensiya ay maaaring ma-update mula sa tab na ito. Ang mga pagbabago ng address ay dapat gawin sa opisina ng paaralan. **Tandaan:** Ang pangunahing tagapag-alaga ay mayroong kakayahang baguhin ang anumang impormasyon at mga numero ng telepono sa pakikipag-ugnayan. Ang mga karagdagang tagapag-alaga ay maaari lang baguhin ang kanilang sariling mga detalye sa pakikipag-ugnayan.

**Mga Report Card**

Ang ***Parent Connect*** ay nagpapahintulot sa mga magulang na makita ang mga marka at komento sa report card kapag na-post na ang mga report card. I-click sa **Folder** na tab pagkatapos ay i-click ang VIEW (Tingnan) sa tabi ng report card na gusto ninyong makita.

**Mga Panayam sa Magulang/Guro**

Ang ***Parent Connect*** ay magpapahintulot sa inyong magtakda ng mga komperensyang pagpupulong ng Magulang/Guro sa inyong kaginhawaan nang hindi kinakailangang tumawag sa paaralan. Maaari ninyong makita ang mga available na petsa at oras para sa (mga) guro ng inyong anak at pangasiwaan ang mga pagpupulong kung mayroon kayong mahigit sa isang estudyante na pumapasok sa Paaralan ng Amber Trails. Mangyaring tingnan ang Pahina 4 para sa mga detalyadong tagubilin.


Ang ibang mga tampok sa ***Parent Connect*** ay nagpapahintulot sa inyong tingnan ang kalendaryo ng paaralan, magpadala ng mga mensahe sa guro ng inyong anak, mag-print ng profile report at tingnan ang Bulletin Board na nagpapakita ng mga mahalagang abiso. Pinahihintulutan namin kayong mag-sign in sa ***Parent Connect*** at mag-

navigate sa programa. Malayang ibahagi ang inyong opinyon sa ***Parent Connect*** sa paaralan o tawagan kami para sa anumang mga tanong o alalahanin na maaaring mayroon kayo.

## *PANAYAM NG MAGULANG/GURO*

Ang layunin ng ***Parent Connect na Panayam*** ay upang bigyan ng pagkakataon ang mga magulang na mag-sign up para sa mga online na panayam ng Magulang/Guro, batay sa mga naitakda nang petsa at oras. Aabisuhan kayo sa petsa kung kailan ninyo maa-access ang pagganang Interview (Panayam) sa ***Parent Connect*** bago ang mga Komperensya ng Magulang/Guro/Estudyante sa Nobyembre at Marso.

Mula sa ***Parent Connect*** mayroong Interview (Panayam) na tab na nagpapahintulot sa mga magulang na alinman sa tingnan at/o i-edit ang mga oras ng panayam. Mangyaring sumangguni sa mga halimbawa sa ibaba.




Ipinapakita ng kaliwang itaas ang (mga) estudyante, paaralan at (mga) tagapag-alaga. Kung kayo ay isang tagapag-alaga o magulang para sa mahigit isang estudyante, gamitin ang pang-scroll na button para piliin ang naaangkop na estudyante kung kanino ninyo gustong magpatakda ng panayam.

Kapag napili na ninyo ang petsa, oras at guro sa kaliwang talaan, kukumpirmahin ng talaan sa kanang bahagi ng screen kung ano ang itinakda at isasama ang lahat ng estudyante sa inyong pamilya at ang mga napiling oras.

Ang "Select a Teacher" (Pumili ng guro) ay nagbibigay ng scroll bar kasama ang lahat ng gurong nagtuturo sa estudyanteng ito. Nas ibaba nito ang isang kahon na nilagyan na ng check bilang default para limitahan ang pagpipilian sa mga gurong nagtuturo sa estudyanteng iyon.

**Tandaan:** Para makita ang higit pang mga petsa o oras, i-click sa <u>Next</u> (Susunod).

Maaari ninyong gamitin ang "Limit to Date" (Limitahan sa Petsa) at "Start/Stop" (Simula/Pagtapos) para sa mga partikular na petsa at oras. Halimbawa, kung libre lang kayo ng isang gabi, limitahan sa ngayong gabing ito at aayusin ang mga guro ayon sa pagkakasunud-sunod ng available na timeslot (hindi ang parehong guro na nagpapakita ng lahat ng kanilang available na mga oras). Maaari kayong magtakda ng mga panayam nang hindi magkakahiwalay na pumupunta sa bawat indibiduwal na guro.

Para makakita ng higit na mas madaling basahing kopya ng inyong mga na-book na appointment, gamitin ang button na Print (I-print) para gumawa ng isang kopyang PDF. Kung mayroon kayong mahigit sa isang estudyante, ipi-print nito ang bawat estudyante sa iba't-ibang pahina.

Para magtakda ng appointment para makipagkita sa isang Tagapangasiwa, Guro sa Pisikal na Edukasyon, Guro sa Musika o Guro para sa Mapagkukunan, mangyaring i-click ang kahong nasa tabi ng "Display ALL Teachers" (Ipakita ang LAHAT ng Guro), alisin ang pag-click sa "Limit to who teaches the student" (Limitihan sa mga nagtuturo sa estudyante) pagkatapos ay piliin ang isa sa mga taong gusto mong makipagkita mula sa drop-down na kahon.

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa paaralan sa anumang oras kung mayroon kayong anumang mga tanong o nangangailangan ng anumang tulong sa ***Parent Connect***.